

MGA TIP PARA SA PAGTITIPID NG KURYENTE

MATALINONG GAMITIN ANG KURYENTE (TAGLAMIG)

Bago magsimula ang panahon ng pagpapainit, hilingin sa isang kwalipikadong kontraktor ang mga sumusunod na serbisyo:

- Palitan ang mga filter ng horno
- Linisan at lagyan ng pampadulas ang mga gas appliance
- I-adjust ang anumang pilot at mitsero
- Suriin ang mga heat exchanger para sa mga biyak, kalawang at pagkasira
- Suriin ang mga singawan at tubo para sa anumang mga harang
- Suriin ang tamang bentilasyon ng mga gas appliance
- Suriin ang maliwanag na bughaw na liyab na lumalabas sa gas appliance

Sa panahon ng taglamig:

- Itakda ang thermostat sa pagitan ng 65-70 degrees kapag nasa bahay at 58 degrees kung lalayo nang higit sa apat na oras
- Maglagay ng isang napo-programang thermostat
- Isara ang mga singawan at pinto sa mga hindi ginagamit na mga kwarto
- Itakda ang temperatura ng pampainit ng tubig sa 120 degrees
- Maglagay ng mga harang sa daluyan ng tubig sa mga showerhead at gripo
- Patakbuhan ang washing machine at dryer nang maramihan
- Kung maaraw, buksan ang mga kurtina at blind para papasukin ang init ng araw

PANATILIHIN SA LABAS ANG MALAMIG NA HANGIN (TAGLAMIG)

Takpan ang mga tagas sa pailigid ng mga pinto, bintana at iba pang buksan tulad ng mga tubo o duct, gamit ang caulk o weather-stripping.

APAT NA BATAYANG BAHAGI NG PAGTITIPID NG KURYENTE

1. Magtipid: Patayin ang lahat ng mga appliance o ilaw kapag hindi ginagamit
2. Ayusin ang Mga Tagas: Ang paglalagay lamang ng weather stripping at pag-caulk sa mga may tagas na pinto at bintana ay makatutulong sa pagtitipid ng halaga ng kuryente
3. Mag-invest sa Mga Pagpapahusay ng Pagtitipid sa Enerhiya: Palitan ang mga appliance gamit ang mga Energy Star® na appliance
4. Mag-install ng Mga Energy-Saving Device: Linisin ang mga furnace filter nang minsan sa isang buwan, gumamit ng fluorescent light bulbs, mag-install ng insulation sa iyong water heater at gumamit ng low flow na mga shower head

MATALINONG GAMITIN ANG KURYENTE (TAG-INIT)

Sa panahon ng tag-init:

- Itakda ang thermostat sa 78 degrees o mas mataas at 85 degrees o mas mataas kung lalayo nang higit sa apat na oras
- Isara ang mga bintana sa mga napakainit na araw at buksan sa gabi upang papasukin ang malamig na hangin
- Magluto nang maaga o gumamit ng gas grill
- Gumamit ng mga bentilador upang lumikha ng paggalaw ng hangin
- Gumamit ng mga kurtina, mga shutter, mga awning at punong may lilim upang mapigilan ang pagpasok ng liwanag ng araw
- Buksan ang mga pinto at bintana sa mga araw na mahangin para papasukin ang malamig na hangin
- Patayin ang lahat ng appliance at ilaw kung hindi ginagamit
- Maghugas ng mga pinggan sa gabi
- Iwasang gumamit ng maraming tubig sa mga peak hour
- Patayin ang mga pool filter, sweeper operation at spa filter kapag mga peak hour
- Panatilihin nakatakip ang spa o pool kapag hindi ginagamit
- Magtanim ng dalawang malaking puno sa kanlurang bahagi ng iyong tahanan at isa pang puno sa silangang bahagi

PANATILIHING NASA LOOB ANG HANGIN (TAG-ARAW)

Ang pinaka karaniwang lugar kung saan tumatakas ang hangin sa mga tahanan ay sa:

- Mga sahig, dingding at kisame
- Mga duct
- Tsiminea
- Mga plumbing penetration
- Mga pinto at bintana
- Mga bentilador at singawan





PAGLALABA AT PAGPAPATUYO NG MGA DAMIT

- Maglaba nang maramihan o i-adjust ang dami ng tubig upang umangkop sa dami ng damit
- Magtipid ng hanggang sa 10 porsyento ng gastusin sa pagpapainit ng tubig sa pamamagitan ng paglalaba at pagbabanlaw nang maramihan gamit ang malamig na tubig
- Magpatuyo nang maramihan, ngunit huwag sobrahan
- Ihiwalay ang magagaan at mabibigat na damit para sa pagtitipid ng kuryente
- Linisin ang lint filter bago patuyuin ang bawat grupo ng mga damit
- Magpatuyo ng dalawa o higit pang load nang magkasunod para magamit ang init na nasa dryer
- Isampay ang mga damit hangga't maaari
- Huwag sobrahan ang pagtutuyo ng mga damit dahil nakakaaksaya ito ng kuryente at binabawasan ang tibay ng mga damit
- Magtanggap ng anumang mga bara mula sa singawan ng dryer
- Banlawan nang pana-panahon ang lint filter gamit ang mainit na tubig at sabon

PAGHUHUGAS NG PINGGAN

- Maghugas nang maramihan sa dishwasher (gumagamit ito nang mas kaunting tubig at kuryente kaysa sa paghuhugas ng mga ito sa lababo)
- Piliin ang opsyon na “energy saver” para sa drying cycle, o hayaang matuyo sa hangin ang mga pinggan
- Ipasok ang mga pinggan sa tamang lugar ng mga ito upang matiyak ang pinakamataas na kahusayan sa paglilinis
- Suriin at linisin ang drain ng dishwasher tuwing kinakailangan (ang pag-iipon ng sobrang pagkain ay maaaring magsanhi na gumamit ang dishwasher ng higit na kuryente)
- Kapag bumibili ng isang bagong dishwasher, isaalang-alang ang Energy Star® na dishwasher na may mga setting para sa pagtitipid ng kuryente

PAG-IINIT NG TUBIG

- Mag-shower nang mas maikli at mas malamig kaysa sa pagligo (ang pagligo ay maaaring bumuo ng higit sa 50 porsyentong paggamit ng mainit na tubig)
- Maglagay ng mabagal na daloy at nakatitipid sa tubig na mga showerhead para mabawasan ang paggamit ng tubig at makatipid ng hanggang 10 porsyento sa halaga ng pagpapainit
- I-insulate ang panlabas at walang balot na tubo para sa mainit na tubig
- Ayusin ang mga gripong may tagas (ang isang patak ng mainit na tubig bawat segundo ay maaaring mag-aksaya ng hanggang 2,500 galon bawat taon)

PAGLULUTO

- Huwag i-preheat ang horno para sa mga pagkain tulad ng mga casserole at inihaw na item
- Huwag buksan ang pinto ng horno habang nagluluto (ang kawalan ng hanggang 50 degrees sa temperatura at pag-aksaya ng kuryente)
- Takpan ang mga kaserola kapag nagluluto
- Gumamit ng mga kaserola at kawaling kasya sa mga mitsero, na hihigop ng higit pang kuryente at magbabawas ng init
- Magluto ng maraming ulam nang sabay-sabay
- Panatilihin malinis ang horno at mga mitsero para sa pagtitipid ng kuryente
- HUWAG gamitin ang kalan para sa pagpapainit ng kwarto kailanman!